TRUTH BE TOLD

FILIPINO WEEK 3

# Ang Talinghaga ng Iresponsableng Anak

## NOTES

## WARM-UP

- Gusto mo bang nananatili sa isang lugar o ikaw ba ang klase ng tao na laging on-the-go? Ibahagi ang kadalasan mong iskedyul.
- Ano ang isa sa pinakamagandang pagdiriwang na napuntahan mo? Ano ang nagustuhan mo dito?
- Naligaw ka na ba noong bata? Ano ang nangyari?

## WORD

*"Dapat lang na magsaya tayo dahil ang kapatid mo na inakala nating patay na ay bumalik na buhay. Nawala siya, pero muling nakita!'"* **LUCAS 15:32**

(Basahin din ang **LUCAS 15:11-31**.)

---

Ikinuwento ni Jesus ang talinghaga ng iresponsableng anak. Tungkol ito sa mapagrebeldeng anak na nagwaldas ng kanyang mana, at sa mapagmahal at mabait na ama na nagbigay ng salo-salo nang bumalik ang kanyang suwail na anak. Ang talinghagang ito ay nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos sa mga taong nawawala ng landas, ng biyaya Niyang nakatutubos at ng awa Niya para sa makasalanang nagsisi at umikot pabalik sa Kanya. Sa araling ito, ating titignan kung paano tumugon ang ama at kung paano nito ipinapakita ang kagandahang-loob, katiyagaan, at kapatawaran ng ating Ama sa langit.

## 1 Kagandahang-loob

*"Sinabi ng bunso sa kanyang ama, 'Ama, ibigay n'yo na sa akin ang bahaging mamanahin ko!' Kaya hinati ng ama ang ari-arian niya sa dalawa niyang anak."* **LUCAS 15:12**

Sa talinghagang ito, ang mas batang anak ay nainip tungkol sa bahagi ng mana niya mula sa kanyang ama. Sa halip na hintayin ang kamatayan ng kanyang ama, hiningi na niya ang kanyang bahagi sa mga ari-arian nito. Tumugon ang kanyang ama sa kahilingan ng suwail na anak at hinati ng pantay ang kanyang mga ari-arian. Sa kultura ng mga Hudyo, ang nakababatang anak ay dapat makatanggap lamang ng kalahati ng mana ng nakatatandang anak. Subalit dahil sa kabutihang loob ng ama, binigyan niya ang bunsong anak ng higit pa sa karapat-dapat nitong matanggap. Mapagbigay ang ama sa kabila ng maling kahilingan ng anak at ng kawalan nito ng pasasalamat. Ipinapakita nito ang kabutihang-loob ng ating Ama sa langit. Binibiyayaan Niya maging ang mga hindi tumatanaw ng utang na loob. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa biyaya ng Diyos? (Juan 1:16)

.....................................................................................................

.....................................................................................................

## 2 Katiyagaan

*"Kaya bumalik siya sa kanyang ama. Malayo pa ay natanaw na siya ng kanyang ama at naawa ito sa kanya, kaya patakbo siya nitong sinalubong, niyakap at hinalikan."* **LUCAS 15:20**

Buo ang loob ng ama na makita ang pagbabalik ng kanyang anak. Nakita niya ito habang malayo pa na nangangahulugang binabantayan niya ang pagbabalik ng anak. Nang makita ng ama ang paparating na anak, tumakbo siya palapit dito at buong puso itong niyakap. Ganito rin ang Diyos sa Kanyang mga anak. Matiyaga Siyang naghihintay, puno ng pagmamahal at awa, upang ibangon tayo kung tayo ay babalik sa Kanya ng may mapagpakumbabang mga puso. Ano ang ipinangako ng Diyos kung tayo ay lalapit sa Kanya? (Santiago 1:4)

## 3 Kapatawaran

*[21] "Sinabi ng anak sa kanyang ama, 'Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo.' [22] Pero tinawag ng ama ang mga utusan niya, 'Madali! Dalhin ninyo rito ang pinakamagandang damit at bihisan siya. Lagyan ninyo ng singsing ang daliri niya at suotan ninyo ng sandalyas ang mga paa nya. [23] At kumuha kayo ng batang baka na pinataba natin at katayin ninyo. Magdiwang tayo [24] dahil ang anak ko na akala ko'y patay na ay bumalik na buhay. Nawala siya, pero muling nakita.' Kaya nagsimula silang magdiwang."*
**LUKE 15:21-24**

Ang naging tugon ng ama sa pag-amin ng kasalanan ng kanyang anak ay isang napakagandang larawan ng walang kondisyong pagmamahal ng Diyos sa mga anak Niya. Ipinapakita nito ang Kanyang pagiging handa na magpatawad, at ang biyaya at awa na ibinibigay Niya sa mga hindi karapat-dapat dito subalit nagsisi at tumungo pabalik sa Kanya. Sinasabi sa Bibliya na may kasiyahan sa langit sa tuwing may isang makasalanan na nagsisi (Lucas 15:7). Nakikita natin na ang Diyos ay hindi lamang handang magpatawad kundi handa ring ipagdiwang ang pagbabalik ng Kanyang mga anak. Ano ang tugon ng Diyos sa tuwing inaamin natin ang ating kasalanan sa Kanya? (1 Juan 1:9)

## APPLICATION

- Paano nakikita ang awa at kakayahan ng Diyos sa iyong buhay? Paano mo magagawang lumago sa pagkakaunawa at pagpapahalaga mo dito ngayong linggo?
- Nagsisi ka na ba sa iyong mga kasalanan at natanggap mo na ba ang pagpapatawad ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo? Naniniwala ka ba na napatawad ka na Niya sa lahat ng iyong mga kasalanan, at na wala kang magagawa upang maging karapat-dapat na tumanggap ng kanyang kapatawaran?
- Pag-isipan ang mga sumusunod na berso mula sa Bibliya at isulat ang mga napag-aralan at mga panalangin mo sa iyong journal: Mga Salmo 13:5,6; Jeremias 31:3; Juan 3:16.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pag-ibig na walang kasamang anumang kondisyon at sa handog Niyang libreng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus.
- Ipanalangin ang isang bahagi ng iyong buhay na nangangailangan ng pagsasa-ayos at kapatawaran na mula sa Diyos.
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan na kailangang marinig ang pagmamahal ng Diyos at na magawa nilang maranasan ang Kanyang kakayahan at kapatawaran. Ipanalangin ang mga pagkakataon upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph